TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa Tamang Pag-Unawa sa PhilHealth Circular

TITLE	**ISSUANCE OF THE CERTIFICATE OF GOOD PAYMENT STANDING (CGPS)**
PC NUMBER	**2026-0003**

PARA SA LAHAT NG EMPLOYER NA NAGNANAIS MAG-REQUEST NG CGPS

1 Tungkol saan ang Circular, at sino ang saklaw nito?

Ito ay gabay kung paano magpalabas o mag-issue ng mga CGPS para sa employers, pampubliko man o pribado, na humihingi ng certification mula sa PhilHealth.

2 Ano ang Good Payment Standing (CGPS)?

Ang CGPS ay certification mula sa PhilHealth na nagpapatunay ng tama at kumpletong hulog at reporting ng employer para sa PhilHealth contributions ng kanilang mga empleyado sa loob ng isang fiscal year—walang kulang, walang gap, at walang unposted payments.

3 Ano ang ibig sabihin ng “Good Payment Standing”?

Patunay ito na malinis ang record ng employer para sa isang fiscal year— walang gap, walang kulang, at lahat ng hulog ay nai-post nang maayos.

4 Para saan ginagamit ang CGPS?

Ang CGPS ay ginagamit lamang para sa mga official transaction, gaya ng ngunit hindi limitado sa:

- Post-qualification para sa Bids and Awards Committee (BAC);
- GCG evaluation para sa pagbibigay ng Performance-Based Bonus (PBB);
- Pagre-renew ng business permit.
- Iba pang lehitimong paggagamitan ayon sa PhilHealth Regional Office o Local Health Insurance Office.

TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa Tamang Pag-Unawa sa PhilHealth Circular

TITLE	**ISSUANCE OF THE CERTIFICATE OF GOOD PAYMENT STANDING (CGPS)**
PC NUMBER	**2026-0003**

5 Sino ang puwedeng mag-request ng CGPS?

Lahat ng employer, pribado at pampubliko, na may PhilHealth Employer Number (PEN) ay maaaring mag-request ng CGPS.

6 Paano mag-request ng CGPS?

Kailangan lang magpasa ng accomplished Request for Certificate of Good Payment Standing Form (Annex A ng Circular 2026-0003) sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office (LHIO), o ipadala ito online sa assigned PhilHealth Accounts Information Management Specialist (PAIMS).

7 Ano ang requirements kung representative ang mag-aasikaso?

Kailangan ang authorization letter mula sa employer at tig-isang kopya ng government-issued IDs ng employer at representative.

8 Ano mangyayari kung hindi kumpleto ang mga dokumento?

Hindi tatanggapin o ipo-proseso ang request hangga't hindi kumpleto ang requirements.

9 Kailan nagiging valid ang CGPS?

Valid lang ito kung may dry seal mula sa PhilHealth.

10 Gaano katagal ang processing?

Ang pag-prepare at pag-apruba ng CGPS (Annex B ng Circular 2026-0003) ay makukumpleto sa loob ng 5 working days mula nang matanggap ang request.

TITLE	**ISSUANCE OF THE CERTIFICATE OF GOOD PAYMENT STANDING (CGPS)**
PC NUMBER	**2026-0003**

11 Ano mangyayari kung may kulang o arrears ang employer?

Makakatanggap ang employer ng Letter of Payment Discrepancies (Annex C ng Circular), na pirmado ng LHIO Head o authorized representative, sa loob ng 5 working days.

12 Makakakuha ba ng CGPS kung may arrears pa mula sa nakaraang taon?

Hindi. Kailangan munang bayaran o ayusin ang arrears o deficiencies ayon sa PhilHealth Circular No. 2021-0010 (Handling of Employer Requests to Compromise, Waive or Release, in Whole or in Part, Interests and/or Surcharges and Payment of Premium Arrears through Installment Arrangements).

13 Ano ang batayan ng pag-iisyu ng CGPS?

Ang pag-iisyu ay naka-base sa PhilHealth Employer Number (PEN).

14 Kanino maaaring magtanong tungkol sa request ng CGPS?

Maaaring direktang makipag-ugnayan sa PhilHealth Office na nag-isyu ng CGPS.

CONTACT INFORMATION

PhilHealth Corporate Action Center: 02 8662 2588 | Smart: 0998 857 2957, 0968 865 4670 | Globe: 0917 127 5987, 0917 110 9812
PhilHealth Website: www.philhealth.gov.ph

Ang FAQ na ito ay batay sa on PhilHealth Circular No. 2026-0003 on the Issuance of the Certificate of Good Payment Standing (CGPS). Para sa latest updates, bisitahin ang PhilHealth website o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na PhilHealth Regional Office o Local Health Insurance Office.